SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 7 | Issue: 1 | January 2022 - Peer Reviewed Journal

# KAKAYAHAN SA PAGSUSURI NG NOBELANG NAKASULAT AT NAKAPAMPELIKULA NG MGA MAG-AARAL NA NASA IKASAMPUNG BAITANG NG PRMSU IBA, CAMPUS TAONG PANURUAN 2018 – 2019

**Garry F. Almazan**
*President Ramon Magsaysay State University Iba Campus, Iba, Zambales*

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw sa kakayahan sa pagsusuri ng nobelang nakasulat at nakapampelikula ng mga mag-aaral na nasa ikasampung baitang ng PRMSU Iba, Campus Taong Panuruan 2018 – 2019. Ang mga kalahok sa paglikom ng datos ay ang mga mag-aaral na nasa Ikasampung baitang ng PRMSU Junior High School Iba, Campus, Iba, Zambales na nasa pamamahala ng kanilang Punong-guro. Ang respondente ng pag-aaral na ito ay binubuo ng apatnapu't limang mag-aaral na nasa ikasampung baitang sa Junior High School ng PRMSU Iba, Campus, Zambales Taong Panuruan 2018-2019. Saklaw ang makrong kasanayan sa pagbasa at kasanayang panonood. Ang nobelang nakasulat at nakapampelikula na tinalakay at sinuri ay Bata…Bata…Paano Ka Ginawa, isang pelikulang nagwagi sa iba't ibang kategorya sa katauhan ni Lea Bustamante isang matatag at mapagmahal na ina sa kabila ng maraming pagsubok na kinaharap sa buhay. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa taong panuruan 2018 – 2019. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Deskriptibo at Eksperimental na pamamaraan sa pananaliksik. Ang rubrik na minodipika ng mananaliksik ang ginamit sa pagtataya ng kakayahan sa pagsusuri ng nobelang nakasulat at nakapampelikula ng mga mga-aaral at ang talatanungan bilang pagtataya ng mga guro sa Filipino sa nabuong interbensyong materyal ng mananaliksik. Ginamit ng mananaliksik ang Frequency ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral na magkaroon ng mataas at mababang iskor sa pagsusuri. Sa pagtataya ng mga guro sa Filipino sa gamit o halaga ng nabuong interbensyong materyal sa pagsusuri ng nobelang nakasulat at nakapampelikula, ang weighted mean ang ginamit na batayan. Ang pagtataya ay ibinatay sa panukalang Likert (Likert's Scaling Technique). Ito ay ang tseklist na ipinasagot sa mga gurong tagataya ng gamit o halaga ng nabuong interbensyong materyal.*

**MGA SUSING SALITA:** *Nobelang Nakasulat, Nobelang Nakapampelikula, Kakayahan sa pagsusuri, Aral, Tauhan, Kuwento o Istorya, Pamagat, Diyalogo, Tema o Paksa*

## I. PANIMULA

Ang buhay ng tao ay hindi maikakailang patuloy sa pagbabago at ang pagbabagong ito ay nagdudulot ng hamon sa pamumuhay ng bawat isa. Sa paaralan kung saan ang mga mag-aaral ay hinuhubog ay nahaharap sa mga pagbabagong dulot ng modernisasyon na nakaaapekto sa kanilang pag-aaral.

Ang modernisasyong kinakaharap ng kasalukuyang lipunan ay patuloy sa pag-unlad dahil na din sa pagyakap ng mga tao lalong-lalo na ng mga mag-aaral. Dito na sila halos nakasandal sa pagsagot ng mga kakailanganin nila sa pag-aaral at pangangalap ng mga impormasyon tungkol sa mga bagay-bagay na gusto o kinakailangan nilang malaman o matutunan.

Ang social media lalo na ang telebisyon at pelikula ay isang napakalaking instrumento sa pagpapahayag ng kamalayang panlipunan sa lahat ng mga mag-aaral. Natututo ang mga mag-aaral sa panonood ng telebisyon o pelikula na nagdudulot ng positibo o negatibong pagbabago sa bawat mag-aaral.

Kaakibat ng pagbabago sa iba't ibang aspeto ng buhay ng tao ay ang pagbabago at pag-unlad ng ating kurikulum tungo sa tiyak na ikauunlad ng sistema ng edukasyon sa bansa.

Ang K to 12 Basic Education Curriculum ay bagong kurikulum na ipinatupad ng ating pamahalaan upang makasabay sa pag-unlad na nagaganap sa iba' ibang bahagi ng mundo. Naglalayon itong hubugin ang mga mag-aaral sa holistikong paraan na kung saan sila ay handa na sa pagharap sa buhay at maging kapaki-pakinabang na mamamayan na may ganap na literasiya.

Ayon kay Britts (2005) sa pamamagitan ng paggamit ng radyo, telebisyon at internet ay mas malawak ang mga paksa at isyu na masasakop ng aralin, tulad ng kalikasan, kapaligiran, Waste Management at pag-aayos ng basura at mga bagay na may kinalaman sa polusyon at ang epekto nito sa kalusugan, di lamang ng tao, kundi maging mga hayop din.

Isang paraan o kasanayan ang panonood na maaaring humubog sa isang tao na maging mabuti o maging masama depende sa uri ng panooring kanyang matutunghayan. Sapagkat ang panonood ay malaking tulong sa mabisang pag-unawa tungo sa pagpapaunlad ng kakayahan at kasanayan ng bawat mag-aaral.

Ang mga mag-aaral ay kinakailangang hubugin ang kaisipan upang matutong gamitin ang kanyang kakayahan at kaalaman para mapaunlad ang kanyang sarili gamit ang mga makabagong pamamaraan. Kailangan nilang magtaglay ng matalinong pagpapasiya upang sila'y umangat at magkaroon ng kapaki-pakinabang na buhay.

Ang magiging resulta ng pag-aaral na ito ay inaasahang makatutulong nang malaki sa mga guro upang sila'y mabigyan ng karagdagang kaalaman at magabayan ukol sa kung paano nila matutulungan ang mga mag-aaral na unawain ang mga pelikulang pinapanood nila tungo sa lubusang pagkatuto.

## II. LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang Kakayahan sa Pagsusuri ng Nobelang nakasulat at nakapampelikula ng mga Mag-aaral na nasa Ikasampung Baitang PRMSU, Iba Campus Taong Panuruan 2018 – 2019.

Makabuo ng interbensyong materyal para sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagsusuri ng mga mag-aaral sa nobelang nakasulat at nobelang nakapampelikula.

## III. PAMAMARAANG GINAMIT

### Lugar ng Pag-aaral:

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa mga mag-aaral sa Ikasampung Baitang sa PRMSU Iba, Campus Junior High School taong panuruan 2018-2019. Ang kabuuan ng mag-aaral na sumagot sa talatanungan ay Apatnapu't limang (45) mag-aaral.

### Kalahok ng Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay kinabibilangan ng apatnapu't limang (45) mag-aaral ng Ikasampung Baitang ng Junior High School Department ng President Ramon Magsaysay State University Iba, Campus.

### Paraan ng Pangangalap ng Datos

Upang magkaroon ng tunguhin at mabigyang-liwanag ang mga nabanggit na suliranin sa pananaliksik na ito, ang dayagram sa ibaba ang naging patnubay at batayan ng mananaliksik tungo sa pagtuklas sa kasagutan ng suliraning nabanggit. Sa tulong ng pag-aaral na ito, malulutas ng mga guro at mag-aaral ang mga suliranin sa pagsusuri ng Nobelang nakasulat at nakapampelikula. Ang mga pamamaraang ito ay magsisilbing pantulong upang mapadali ang pagtuturo ng mga guro lalong lalo na ang pagkatuto sa kasanayang pagsusuri ng mga Nobelang nakasulat at nakapampelikula ng mga mag-aaral.

SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 7 | Issue: 1 | January 2022 - Peer Reviewed Journal

**INPUT**

1. Lebel ng kakayahan sa pagsusuri ng nobelang nakasulat ng mga mag-aaral na nasa ikasampung baitang batay sa mga sumusunod na pamantayan:

   1.1 Pamagat;
   1.2 Mga Tauhan;
   1.3 Kuwento;
   1.4 Diyalogo;
   1.5 Tema o paksa; at
   1.6 Aral?

2. Lebel ng kakayahan sa pagsusuri ng nobelang nakapampelikula ng mga mag-aaral batay sa mga sumusunod na pamantayan:

   2.1 Pamagat;
   2.2 Mga Tauhan;
   2.3 Kuwento;
   2.4 Diyalogo;
   2.5 Tema o paksa; at
   2.6 Aral?

3. Kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng nobela ayon sa mga sumusunod:

   3.1 Kasarian;
   3.2 Politikal;
   3.3 Sosyal; at
   3.4 Tematika?

4. Suliraning kinaharap ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng Bata..Bata..Paano ka Ginawa?

5. Halaga o tulong ng interbensyong materyal sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng nobelang nakasulat at nakapampelikula?

**PROSESO**

**Talatanungan**

**Deskriptibong Istatistiko**
Frequency
Weighted Mean
Likert Scale
ANOVA

**OUTPUT**

**Nakabuo ng isang interbensyong materyal kalakip nito ang mga halimbawa ng mga Nobelang Nakapampelikula na susuriin ng mga mag-aaral na nakasilid sa isang "CD".**

Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay ang rubrik na minodipika ng mananaliksik. Ibinatay ito sa Second Language Composition Profile ni Hughey (1983). Ito ang ginamit sa pagtataya ng kakayahan sa pagsusuri ng nobelang nakasulat at nakapampelikula ng mga mag-aaral na nasa ikasampung baitang binigyan ng katumbas na bilang upang masukat ito at nilagyan din ng limang antas ng pagkatuto (Napakahusay, Mahusay,

Katamtaman, Di-Gaanong Mahusay, at Kailangan Pang Paunlarin) na binigyan ng tiyak na paglalarawan para kumatawan sa bawat krayterya at rubriks sa paggamit ng mekaniks sa pagsusuri.

Bukod pa dito, ang mananaliksik ay gumamit ng talatanungan o *survey questionnaire* sa pagtataya ng mga guro sa Filipino sa gamit o tulong ng nabuong interbensiyong materyal para sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagsusuri ng nobelang nakasulat at nakapampelikula ng mga mag-aaral na nasa ikasampung baitang sa pag-aaral na isinagawa ni Almazan (2019).

Sa pananaliksik ginamit ang mga sumusunod na instrumento para sa pagbibigay-kahulugan sa mga datos na nakalap.

**Frequency –** ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral na magkakaroon ng mataas at mababang iskor sa pagsusuri ng nobelang nakasulat at nobelang nakapampelikula.

Sa pagtataya ng mga guro sa Filipino sa gamit o halaga ng bubuuing interbensyong materyal sa pagsusuri ng nobelang nakasulat at nakapampelikula, ang ***weighted mean*** ang gagamiting batayan.

Ang *formula* ng **Weighted Mean** ay:

X□□□□□□□ *fx*

N

Na ang ibig sabihin ay:

X = para sa *arithmetic mean*

Σx= para sa karampatang tuos

N = para sa kabuuang bilang ng mga gurong tagataya

Ang pagtataya ay ibinatay sa panukalang Likert **(Likert's Scaling Technique).**

Ito ay ang tseklist na ipinasagot sa mga gurong tagataya ng gamit o halaga ng nabuong interbensyong materyal.

## IV. RESULTA

Nakalahad sa kabanatang ito ang mga datos na nakalap hinggil sa ginawang pag-aaral. Sa pamamagitan ng mga talahanayang ginamit ay malinaw na ipinakita ang mga resulta ng mga sagot sa talatanungan at istatistikang ginamit upang mabigyang kasagutan ang mga tiyak na katanungang binanggit sa unang kabanata.

**Talahanayan Bilang 1**
**Lagom ng Lebel ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Nobela ng mga Mag-aaral**

| Pagsusuri sa Nobela ayon sa: | Nakasulat | | | Nakapampelikula | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | **Mean** | **DE** | **Ranggo** | **Mean** | **DE** | **Ranggo** |
| Pamagat | 3.11 | Katamtaman | 4 | 2.48 | Di - Gaanong Mahusay | 3 |
| Mga Tauhan | 2.69 | Katamtaman | 5 | 2.00 | Di - Gaanong Mahusay | 5 |
| Kuwento o Istorya | 3.16 | Katamtaman | 3 | 2.47 | Di - Gaanong Mahusay | 4 |
| Diyalogo | 2.38 | Di - Gaanong Mahusay | 6 | 1.98 | Di - Gaanong Mahusay | 6 |
| Tema o Paksa | 3.38 | Katamtaman | 2 | 2.71 | Katamtaman | 1 |
| Aral | 3.49 | Katamtaman | 1 | 2.53 | Katamtaman | 2 |
| **Overall Mean** | **3.03** | **Katamtaman** | | **2.37** | **Di-GaanongMahusay** | |

Ipinakita sa Talahanayan Bilang 1, Ang Lagom ng lebel ng kakayahan sa pagsusuri ng nobela ng mga mag – aaral.

**Nakasulat.** Ipinapakita sa datos na ito na nasa unang ($1^{st}$) ranggo sa pagsusuri ng nobela ang aral na may average weighted mean na 3.49 o 3 (katamtaman); ikalawang ($2^{nd}$) ranggo ang tema o paksa na may average weighted mean na 3.38 o 3 (katamtaman); nasa ikatlong ($3^{rd}$) ranggo ang kuwento o istorya na may average weighted mean na 3.16 o 3 (katamtaman); ikaapat ($4^{th}$) na ranggo ang pamagat na may average weighted mean na 3.11 o 3 (katamtaman); ikalima ($5^{th}$) ranggo ang mga tauhan na may average weighted mean na 2.69 o 3 (katamtaman)at nasa ikaanim ($6^{th}$) na ranggo ang diyalogo na may weighted mean na 2.38 o 2 (di – gaanong mahusay). Sa kabuuan ang mean sa pagsusuri ng nakasulat ay **3.03** o **3** na nangangahulugan na ***Katamtaman.***

SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
**EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)**
Volume: 7 | Issue: 1 | January 2022 - Peer Reviewed Journal

Ibig sabihin ang mga mag-aaral ay kulang pa ang kaalaman sa pagsusuri sa isinagawang pagtataya sa nobelang bata…bata…paano ka ginawa.

**Nakapampelikula.** Ipinapakita sa datos na ito na nasa unang (1st) ranggo sa pagsusuri ng nobela ang tema o paksa na may average weighted mean na 2.71 o 3 (katamtaman); ikalawang (2nd) ranggo ang aral na may average weighted mean na 2.53 o 3 (katamtaman); nasa ikatlong (3rd) ranggo ang pamagat na may average weighted mean na 2.48 o 2 (di – gaanong mahusay); ikaapat (4th) na ranggo ang kuwento o istorya na may average weighted mean na 2.47 o 2 (di – gaanong mahusay); ikalima (5th) ranggo ang mga tauhan na may average weighted mean na 2.00 o 2 (di – gaanong mahusay) at nas ikaanim (6th) ranggo ang diyalogo na may weighted mean na 1.98 o 2 (di – gaanong mahusay). Sa kabuuan ang mean sa pagsusuri ng nakasulat ay **2.37** o **2** na nangangahulugan na ***Di – Gaanong Mahusay.*** Ibig sabihin ng resultang ito sadyang mahina ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng pelikulang Bata Bata Paano ka ginawa? hindi mapapasubalian na walang interes ang mga mag-aaral sa pelikulang ito at sadyang mahina ang kanilang komprehensyon sa pelikula dahil na rin sa kawalan ng interes dito.

**Talahanayan Bilang 2**
**Lagom ng Kahirapan ng mga Mag – aaral sa Pagsusuri**

| | Mean | DE | Ranggo |
|---|---|---|---|
| Kasarian | 2.58 | Katamtaman | 1 |
| Politikal | 2.33 | Di-gaanong mahusay | 3 |
| Sosyal | 2.40 | Katamtaman | 2 |
| Thematika | 2.27 | Di-gaanong mahusay | 4 |

Ipinakita sa Talahanayan Bilang 2, Ang Lagom ng lebel ng kahirapan ng mga mag – aaral sa pagsusuri.

Ipinapakita sa datos na ito na nasa unang (1st) ranggo sa kahirapan ng mga mag – aaral sa pagsusuri ay ang Kasarian (Gender) na may average weighted mean na 2.58 o 3 (katamtaman); ikalawang (2nd) ranggo ang Sosyal (social) na may average weighted mean na 2.40 o 2 (Di-gaanong mahusay); nasa ikatlong (3rd) ranggo ang Politikal (political) na may average weighted mean na 2.33 o 2 (Di-gaanong mahusay); at ang ikaapat (4th) na ranggo ang Tematika (tematika/thematic) na may average weighted mean na 2.27 o 2 (Di-gaanong mahusay). Sa kabuuan ang mean ng kahirapan ng mga mag – aaral sa pagsusuri ay **2.44** o **2** na nangangahulugan na ***Di-gaanong mahusay.***

**Talahanayan Bilang 3**
**Mga Suliraning Kinaharap ng mga Mag – aaral sa Pagsusuri ng nobelang nakasulat at nakapampelikula**

| Mga suliraning kinaharap ng mga mag – aaral sa pagsusuri ng nobelang nakasulat at nakapampelikula. | AWM | DE | Rank |
|---|---|---|---|
| 1. Kakulangan sa kaalaman sa mga makabagong pamamaraan o estratehiyang pampagtuturo | 3.12 | Sumasang - ayon | 13 |
| 2. Kakulangan sa makabagong kagamitang pampagtuturo tulad ng Projector, television at *picture slide.* | 3.27 | Lubhang Sumasang - ayon | 8 |
| 3. Kawalang ng interes ng mga mag-aaral dahil sa pagdating ng mga makabagong kagamitan na mas kinagigiliwan ng mga mag-aaral. | 3.28 | Lubhang Sumasang - ayon | 6 |
| 4. Pagdating ng mga makabagong salita na wala naman sa diksyunaryong Filipino | 3.16 | Sumasang - ayon | 9 |
| 5. Kakulangan ng kagamitang pampagkatuto | 3.15 | Sumasang - ayon | 10 |
| 6. Kakulangan sa aklat na gagamitin ng mga bata na kinapapalooban ng mga sikat na nobela. | 3.88 | Lubhang Sumasang - ayon | 1 |
| 7. Kakulangan ng mga biswal na kagamitang pampagtuturo | 3.14 | Sumasang - ayon | 11 |
| 8. Kakulangan ng kompyuter na may internet sa paaralan | 3.55 | Lubhang Sumasang - ayon | 4 |

SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 7 | Issue: 1 | January 2022 - Peer Reviewed Journal

| | | | |
|---|---|---|---|
| 9. Kakulangan ng kasanayan ng guro sa pagtuturo ng pagsusuri ng nobela. | 3.01 | Sumasang - ayon | 15 |
| 10. Kakulangan ng kaalaman sa paggamit ng angkop na salita sa gustong ipahiwatig. | 3.28 | Lubhang Sumasang - ayon | 6 |
| 11. Di sapat ang kakayahan sa tamang gamit ng salita sa pagsusulat. | 3.06 | Sumasang - ayon | 14 |
| 12. Mahinang kakayahan sa pakikinig at panonood ng Indie Film | 3.14 | Sumasang - ayon | 11 |
| 13. Pagbibigay ng higit na pansin at halaga sa Wikang Ingles na nasusulat at napapanood. | 3.69 | Lubhang Sumasang - ayon | 3 |
| 14. Obsesyon ng guro at mga mag-aaral na makamit ang bentahe sa kahusayan sa Wikang Ingles bilang tanging instrument ng pandaigdigang kompetisyon. | 3.75 | Lubhang Sumasang - ayon | 2 |
| 15. Kakulangan sa bokabularyong Filipino/Tagalog | 3.44 | Lubhang Sumasang - ayon | 5 |
| **Overall Weighted Mean** | **3.33** | **Lubhang Sumasang - ayon** | |

Ipinakita sa talahanayan bilang 3. Mga Suliraning Kinaharap ng mga Mag – aaral sa Pagsusuri ng nobelang nakasulat at nakapampelikula. Indikeytor 6. Kakulangan sa aklat na gagamitin ng mga bata na kinapapalooban ng mga sikat na nobela. Na may average weighted mean na 3.88 na ang ibig sabihin ay Lubhang Sumasang – ayon, ranggo 1. Indikeytor 14. Obsesyon ng guro at mga mag-aaral na makamit ang bentahe sa kahusayan sa Wikang Ingles bilang tanging instrumento ng pandaigdigang kompetisyon na may average weighted mean na 3.75 na ang ibig sabihin ay Lubhang Sumasang - ayon, ranggo 2. Indikeytor 13. Pagbibigay ng higit na pansin at halaga sa Wikang Ingles na nasusulat at napapanood na may average weighted mean na 3.69 na ang ibig sabihin ay Lubhang Sumasang – ayon ranggo 3. Indikeytor 8. Kakulangan ng kompyuter na may internet sa paaralan na may average weighted mean na 3.55 na ang ibig sabihin ay Lubhang Sumasang – ayon, ranggo 4. Indikeytor 15. Kakulangan sa bokabularyong Filipino/Tagalog na may average weighted mean na 3.44 na ang ibig sabihin ay Lubhang Sumasang – ayon, ranggo 5. Sa kabuuan ay may overall weighted mean na 3.33 na ang ibig sabihin ay Lubhang Sumasang – ayon ang mga tagatugon na ang suliraning kinaharap ng mga mag – aaral sa pagsusuri ng nobelang nakasulat at nakapampelikula ay nakapokus sa kakulangan ng kagamitang pampagtuturo, paggamit ng English bilang midyum ng pagtuturo, at kakulangan sa bokabularyong pang -Filipino.

Sa isinagawang pag-aaral ni Abagon (2013) palaging nakaaapekto ang kagamitan sa pagtuturo ng guro sa Filipino. Sa pag-aaral na isinagawa ni Ramos (2017) lumabas sa mga mag-aaral na hindi gaanong sumasang-ayon sa suliraning kinaharap ng mga guro sa pagtuturo marahil nakita ng mga mag-aaral na nagagawan ng paraan ng mga guro ang mga suliraning kinaharap ng mga guro kaya hindi pansin ito ng mga mag-aaral. Sa ganitong lebel, ang mag-aaral ay napaunlad ang pangunahing bahagi ng pagkakaunawa na may munting gabay mula sa guro o mga gabay mula sa kanilang kapwa estudyante na siyang mailalapat ang pagkakaunawang ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga awtentikong perpormans (DepEd Memorandum No. 158, s. 2011).

SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 7 | Issue: 1 | January 2022 - Peer Reviewed Journal

**Talahanayan 4**
**Halaga o tulong ng interbensyong materyal sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga Mag – aaral sa Pagsusuri ng Nobelang nakasulat at nakapampelikula.**

| | Panukatan | WM | DE | Rank |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Naayon ang mga gawain sa tiyak na pangangailangan ng mga mag – aaral | 4.93 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 4 |
| 2 | Nakabatay sa level o antas ng mga mag - aaral ang mga gawaing pampagkatuto | 4.64 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 15 |
| 3 | Nagbibigyang - katugunan ng interbensyong materyal ang mga suliraning kinaharap ng mga mag - aaral batay sa pagsusuri ng nobela ayon sa mga sumusunod:<br>a. Pamagat<br>b. Tauhan<br>c. Kuwento o istorya<br>d. Diyalogo<br>e. Tema o paksa<br>f. Aral | 4.93 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 3 |
| 4 | Tumutugon sa kritikal na pag - iisip ng mga mag - aaral ang mga Gawain | 4.71 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 12 |
| 5 | Nasusukat ng mga gawain kung paano ilalapat ng mga mag - aaral ang kanilang matutuhan sa pagsusuri ng akdang nobela. | 4.71 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 12 |
| 6 | Kapaki - pakinabang at makabuluhan ang mga gawain para sa mga mag - aaral. | 5.00 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 1 |
| 7 | Nagkakaiba at sapat ang mga gawain ng mga mag - aaral upang magkaroon ng pagkatuto | 4.93 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 4 |
| 8 | Nakatulong ang kagamitang pampagtuturo na matamo ang layunin ng 21 siglong kasanayan | 4.86 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 9 |
| 9 | Ang mga impormasyong inilahad ay wasto at tiyak | 4.71 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 12 |
| 10 | Ang mga gawain ay tumutugon sa mga kasanayang pampagkatuto sa pagtuturo ng Filipino ayon sa nakasaad sa kurikulum. | 4.93 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 4 |
| 11 | Nakagaganyak ito sa kawilihan ng mga mag - aaral sapagkat highit na napasisigla at napagagaan ang mga pagkatuto sa kombensyon ng wika. | 4.86 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 9 |
| 12 | Nailalahad nang malinaw ang mga layunin at panuto sa bawat gawain. | 4.86 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 9 |
| 13 | Nahihikayat ang mga mag - aaral na mag - isip at bumuo ng lohikal na konsepto batay sa mga gawain. | 4.93 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 4 |
| 14 | Ang kagamitan ay maaaring ireplika nang mabilisan upang madaling magamit ng mga mag – aaral | 4.93 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 4 |
| 15 | Nakatutugon ang mga gawain sa kagamitan sa paglinang ng kasanayan sa wastong organisasyon ng mga ideya sa pagsulat. | 5.00 | Pinakamataas na katanggap – tanggap | 1 |
| | **Overall Weighted Average** | **4.86** | **Pinakamataas na katanggap – tanggap** | |

Ipinakita sa talahanayan bilang 4. Pagtataya sa mungkahing interbensyong materyal ayon sa halaga o tulong nito. Indikeytor 1, Naayon ang mga gawain sa tiyak na pangangailangan ng mga mag – aaral na may average weighted mean na 4.93 (ranggo 4). Indikeytor 2, Nakabatay sa level o antas ng mga mag - aaral ang mga gawaing pampagkatuto 4.64 (ranggo 15). Indikeytor 3, Nagbibigyang - katugunan ng kagamitan ang mga

SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 7 | Issue: 1 | January 2022 - Peer Reviewed Journal

suliraning kinaharap ng mga mag - aaraal batay sa paggamit ng maling baybay, paggamit ng malaki at maliit na titik, pababantas, paggamit ng transitional devises at idioma 4.93 (ranggo 3). Indikeytor 4, Tumutugon sa kritikal na pag - iisip ng mga mag - aaral ang mga gawain 4.71 (ranggo 12). Indikeytor 5, Nasusukat ng mga gawain kung paano ilalapat ng mga mag - aaral ang kanilang natutuhan sa pagsulat ng mahusay na sulatin 4.71 (ranggo 12). Indikeytor 6, Kapaki - pakinabang at makabuluhan ang mga gawain para sa mga mag-aaral. gawain para sa mga mag - aaral. 5.00 (ranggo 1). Indikeytor 7, Nagkakaiba at sapat ang mga gawain ng mga mag - aaral upang magkarron ng pagkatuto 4.93 (ranggo 4). Indikeytor 8, Nakatulong ang kagamitang pampagtuturo na matamo ang layunin ng 21 siglong kasanayan 4.86 (ranggo 9). Indikeytor 9, Ang mga impormasyong inilahad ay wasto at tiyak 4.71 (ranggo 12). Indikeytor10, Ang mga gawain ay tumutugon sa mga kasanayang pampagkatuto sa pagtuturo ng Filipino ayon sa nakasaad sa kurikulum 4.93 (ranggo 4). Indikeytor 11, Nakagaganyak ito sa kawilihan ng mga mag - aaral sapagkat higit na napasisigla at napagagaan ang pagkatuto sa kombensyon ng wika. 4.86 (ranggo 9). Indikeytor 12. Nailalahad nang malinaw ang mga layunin at panuto sa bawat gawain. 4.86 (ranggo 9). Indikeytor 13, Nahihikayat ang mga mag - aaral na mag 0 isip at bumuo ng lohikal na konsepto batay sa paksa ng gawain. 4.93 (ranggo 4). Indikeytor 14, Ang kagamitan ay maaaring ireplika nang mabilisan upang madaling magamit ng mga mag – aaral 4.93 (ranggo 4). Indikeytor 15, Nakatutugon ang mga gawain sa kagamitan sa paglinang ng kasanayan sa wastong organisasyon ng mga ideya sa pagsulat. 5.00 (ranggo 1). Sa kabuuang average weighted mean na may 4.86 na Pinakamataas na katanggap – tanggap, ibig sabihin ang ginawang interbensyon ay napakahalaga para lalong mapaunlad ang mga kasanayan, kakayahan at kaalaman ng mga mag-aaral. Gaya ng pag-aaral ni Medul (2018) lumabas na pinakamataas na katanggap – tanggap ang ginawa niyang "Pamplet o Polyeto" na may kasamang "CD" isang interbensyong materyal na magbibigay ng kasanayan sa mga mag-aaral.

Sa pag-aaral naman ni Cayaga (2017) na Lubos na sumasang-ayon ang mungkahing workbook ayon sa kabuluhan nito. Ang interbensyong materyal ay ginagamit para maging tulay sa pagkakaroon ng kaalaman ang mga mag-aaral. Ang pili, maayos, may malalimang Gawain at magandang desinyong materyal ay nagbibigay sa mag-aaral ng pagkakataon na masanay sa teksto, pag-iisip at magamit ang lengguwahe.

Itinala ni Valerio (2015) sa kanyang pag-aaral mula sa disertasyon ni Bautista, na ang paggawa at pagpapaunlad ng iba't ibang kagamitang pampagtuturo ay isa sa mga malaking hakbang sa pagpaplano ng kurikulum at pagpapaunlad ng mga proseso, kahit na ang mga libro ay gamitin bilang kagamitang pampagtuturo, napatunayan na ang iba't ibang kagamitang pampagtuturo ay ginagamit para makamit ang hinahangad na pagkatuto ng mga mag-aaral at magkaroon ng kalidad ang edukasyon at para na rin sa benepisyo ng guro at mag-aaral. Ang mga kagamitang pampagtuturo tulad ng: *Teacher's guide, student's workbook, modules, teacher training materials, assessment materials, and supplementary materials*.

**Talahanayan Bilang 5**
***T – Test* sa Makabuluhang Pagkakaiba sa Kakayahan sa Pagsusuri ng mga Mag – aaral sa Nobelang Nakasulat at Nobelang Nakapampelikula**

| Pagsusuri sa Nobela ayon sa: | T | Df | Sig. (2-tailed) | Decision/ Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Pamagat | 5.613 | 44 | 0.000 | Reject Ho Significant |
| Mga Tauhan | 6.916 | 44 | 0.000 | Reject Ho Significant |
| Kuwento o Istroya | 5.630 | 44 | 0.000 | Reject Ho Significant |
| Diyalogo | 4.105 | 44 | 0.000 | Reject Ho Significant |
| Tema | 4.195 | 44 | 0.000 | Reject Ho Significant |
| Aral | 7.095 | 44 | 0.000 | Reject Ho Significant |

Ipinakita sa Talahanayan Bilang 5, makabuluhang pagkakaiba sa Kakayahan sa pagsusuri ng mga mag – aaral sa nobelang nakasulat at nobelang nakapampelikula.

Ang nakompyut na *significance value* para sa pamagat, mga tauhan, kuwento o istorya, diyalogo, tema at aral (0.000) ayon sa pagkakasunod, lahat ay mas mababa sa *0.05 level of significance*. Ang resultang ito ay

nagpapakita na mayroon makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng pagsusuri ng mga mag – aaral sa nobelang nakasulat at nobelang nakapampelikula ayon sa pamagat, mga tauhan, kuwento o istorya, diyalogo, tema at aral.

**Talahanayan Bilang 6**
***T – Test* sa Makabuluhang Pagkakaiba sa Mga Suliraning Kinaharap ng mga Mag – aaral sa Pagsusuri ng pelikula at sa Pagsusuri ng Nobela nakasulat.**

| Pagsusuri sa Nobela ayon sa: | T | Df | Sig. (2-tailed) | Decision/ Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Nakasulat | 2.6932 | 44 | 0.00 | Reject Ho Significant |
| Pampelikula | 2.0184 | 44 | 0.00 | Reject Ho Significant |

Ipinakita sa talahanayan bilang 6, ng makabuluhang pagkakaiba sa mga suliraning kinahaharap ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng nobelang nakasulat at nakapampelikula.

Ang nakompyut na *significance value* para sa nakasulat at nakapampelikula ay 0.00 na mas mababa sa 0.05 *level of significance,* lumalabas sa resulta na ay hindi tanggap ang walang bisang pala-palagay, nagpapakita ng may makabuluhang pagkakaiba ang suliraning kinaharap ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng pelikula at nobelang nakasulat.

## V. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang bahaging ito ay naglalarawan ng kinalabasan ng imbestigasyon, konklusyon at rekomendasyon ng mananaliksik batay sa isinagawang pag-aaral. Batay sa pagsusuri ng resulta, ang mananaliksik ay nakabuo ng konklusyon na ang lebel ng kakayahan sa pagsusuri ng nobelang nakasulat ay katamtaman sa pamagat, tauhan, kuwento/istorya, tema o paksa at aral samantalang di-gaanong mahusay sa diyalogo. Ang lebel ng kakayahan sa pagsusuri ng nobelang nakapampelikula ay di-gaanong mahusay sa pamagat, tauhan, kuwento o istorya, diyalogo at samantalang katamtaman naman sa tema o paksa at aral. Ang kahirapan ng mga mag – aaral sa pagsusuri ng nobela sa kasarian, at sosyal ay katamtaman samantalang mahirap naman sa politikal at tematika. Ang mga suliraning kinaharap ng mga mag – aaral sa pagsusuri ng nobelang nakasulat at nakapampelikula ay lubusang sumasang-ayon. Ang halaga o tulong ng interbensyong materyal sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ay nakakuha ng Pinakamataas na katanggap – tanggap. May makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng pagsusuri ng mga mag – aaral sa nobelang nakasulat at nobelang nakapampelikula. May makabuluhang pagkakaiba sa mga suliraning kinaharap ng mga mag – aaral sa pagsusuri ng nobelang nakapampelikula at sa pagsusuri ng nobelang nakasulat.

Batay sa pagsusuri ng resulta at konklusyon ang mananaliksik ay nakabuo ng rekomendasyon na magkaroon ng maraming pagsasanay ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng nobela o akdang nakasulat na makakatulong sa kanilang magkaroon ng kaalaman kung paano magsuri ng pamagat, tauhan, kuwento/istorya, tema o paksa, aral at diyalogo. Bigyang pagpapahalaga at pansin ng mga mag-aaral ang mga bagong nobelang nakapampelikula sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga guro kung paano pahalagahan ang mga nobelang nakapampelikula. Bigyan ang mga mag-aaral ng sapat na panahon para maturuan nang kaalaman kung paano magsuri ng mga akda. Para sa administrasyon magbigay nang maraming aklat na gagamitin ng mga bata na kinapapalooban ng mga sikat na nobela. Para sa mga guro gumawa pa nang mga interbensyong materyal na makakapagbigay pa nang pagkakataon sa mga mag-aaral na magsanay sa pagsusuri ng nobela. Bigyang pansin ng tagagawa ng kurikulum na pagsamahin ang dalawang makrong kasanayan ang pagbabasa at panonood sa pagsusuri ng mga nobela. Magbigay ang guro ng maraming pagsasanay na nakabatay sa lebel o antas ng mga mag - aaral ang mga gawaing pampagkatuto. Magsagawa ng pag-aaral patungkol sa paggamit ng nabuong “Pamplet o Polyeto” na makapagpapatibay na mas lalo pa nitong kakayahan na mapaunlad ang kasanayang pagbasa ng mga mag-aaral.

## PASASALAMAT

Taos pusong pasasalamat sa mga taong naging katuwang sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito:

Una, kay **Dr. Domingo C. Edaño,** Direktor ng Graduate School, propesor sa Pagsulat ng Tesis, sa kanyang mga payo at pagganyak sa gawaing ito.

Kay **Gng. Baby S. Abagon,** tagapayo sa pagbabahagi sa kanyang oras, matalinong mungkahi at ideya na naging daan sa pagpapaunlad at pagsasaayos ng tesis na ito.

Sa mga bumubuo ng komite na sina **Dr. Felipa M. Rico,** Tagapangulo, **Dr. Esmen M. Cabal** at **Dr. Lilian F. Uy,** mga miyembro para sa kanilang oras, dedikasyon, at pagtulong sa panunuri sa gawaing ito. Ang kanilang input ay nakagawa ng malaking ambag upang maunawaan ang pagkakagawa at pagsusuri ng pananaliksik na ito.

Kay **Dr. Katherine B. Parangat** sa kanyang pag-estadistiko.

Kay **Dr. Marie Fe D. De Guzman,** Punong-Guro ng PRMSU Junior High School Department sa ganap na pagsang-ayon sa pamamahagi ng talatanungan sa mga mag-aaral na nasa Ikasampung Baitang.

Kay **Dr. Lilian F. Uy,** Dekana ng Kolehiyo ng Edukasyong Pangkaguruan sa ganap na pagsang-ayon sa pamamahagi ng talatanungan sa mga guro ng Filipino sa kanyang Departamento.

Sa mga **Mag-aaral na nasa Ikasampung Baitang ng PRMSU Junior High School** bilang mga tagatugon sa aking isinagawang pag-aaral.

Kina **G. Santos Sr. at Gng. Salvacion na aking mga magulang, kapatid, kaibigan,** at **kapwa-guro** sa pag-udyok upang tapusin ang tesis na ito. Sila ang nagpayabong sa paglalakbay sa oras ng mga pagkabigo at pagganyak. Ang inyong suporta at pagpapalakas ng loob ang naging sandalan sa paggawa at pagtapos nito.

Higit sa lahat, sa **Panginoong Diyos** sa pagbibigay niya ng lakas ng loob, tiyaga, karunungan at kalusugan upang matapos ang pag-aaral na ito.

## TALASANGGUNIAN

### A. MGA AKLAT

1. *Adu EO, Olatundun SO 2007. **Teacher's Perception of Teaching as Correlates ofStudent's Academic Performance in Oyo State Nigeria. Essays in Education, 20: 57-63.***
2. *Arrogante, Jose A. **Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik,** National Book Store, Mandaluyong City, 2007.*
3. *Atienza, Samson S. Belvez, Paz M. et. al. (2011) **Sining ng Komunikasyon Pangkolehiyo Filipino 1,** Rex Book Store, Inc.*
4. *Aquino, Avelino M. (2012) **Field Study Experiencing the Teaching Learning Process,** Bulacan: St. Andrews Publishing House.*
5. *Austero et. al. (2007**) Komunikasyon sa Akademikong Filipino.** 200CNINSILAY,Unlad Publishing House, Pasig City, 2007.*
6. *Author et. al. (2006) **Filipino 1. Komunikasyon sa Akademikong Filipino, University Research Council,** Unlad Publishing House, 2006.*
7. *Badayos, P. B. (2000). **Filipino sa Iba't Ibang Disiplina.** Makati City: Grandwater Publication and Research Corporation.*
8. *Badayos, P. B. (1999). **Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika**. Makati City: Grandwater Publication and Research Corporation.*
9. *Baisa-Julian, A. G. et al. (20140. **Pinagyamang Pluma 8**. Quezon City: PhoenixPublishing House, Inc.*
10. *Bernales, R. A. et. al. **Sining ng Pakikipagtalastasan (Pandalubhasaan),** Mega Jesta Print INC. Mutya Printing House, 2000.*
11. *Britts, A. K. (2005). **Broadcast Media in Language Teaching**. California USA: Perth and Simon Publishers Incorporated.*
12. *Navarro, J. R. et al. (1985). **Sining ng Wika IV**. Metro Manila: Vibal Publishing House Inc.*
13. *Nenita Papa., et. al (2013), **Balangkas/Pormalng Pagsusuri (PanunuringPampanitikan)**, Booklore Publishing Corporation 1231-C Quiricada St., Sta. Cruz, Manila.*
14. *Ulit, P. G. et al. (2004). **Komunikasyon sa Akademikong Filipino**. Metro Manila:Grandbooks Publishing, Inc.*
15. *Villafuerte, P. et al. (2008). **Pagtuturo sa Filipino**: Mga Teorya at Praktika.*
16. *Villafuerte, V., **Panunuring Pampanitikan (Teorya at Pagsasanay),** MEGA JESTAPRINTS, INC. 9 Guyabano St., Antonio Subdivision, Dalandan Valenzuela City, p. 35. E. T., da Silva, M. de Fatima Nunes, L. B. Santos, M. G, Quieroz, C. R. Leles **Article first published online:** 29 DEC 2010 DOI: 10. 1111/j. 1600-0579.2010.00669x.*
17. *Villaverde, S. A. (2013). **Muog: Pundasyon ng Karunungan sa Filipino**. Cavite: Pisara Publishing House.*

### B. WEBSITE

A Common Sense Research Study (2012). **Children, Teens, and Entertainment Media:**

a. ***The View from the Classroom.*** *https://www.commonsensemedia.org/research/children-teens-and- entertainment-media-the-view-from-the-classroom/*

1. ***Aist, Moslow, (2000),*** *Mongkut Pranakorn. http// www.slideshare.net./pagbasa 29061894.*

2. *Agting, I. (2013, Disyembre 28).* ***WINNERS:39th Metro Manila Film Festival (Balita). Nakuha noong Pebrero 13, 2014 mula sa Rappler:*** *http://www.rappler.com/entertainment/46763-winners-39th-metro-manila- film-festival-mmff.*
3. *Alberto, N., Camarillo, L., Gumba, M., Pineda, R. P. & Rivera, J. K. (2008).* ***Tungkol sa mga Pelikula Noon (1990-1999) at Ngayon (2000-Kasalukuyan) [Tesis].*** *Nakuha noong Pebrero 13, 2014 mula sa BlogSpot: http://1amidfilipino.blogspot.com/2008/12/ang-pananaliksik.html.*
4. *Angeles, A.Z. et. al. (2004).* ***Gabay ng Mass Media/*** *www.academia.edu/.../Kabanata_1_Ang_Suliranin_at_Sanligan_ng_Pag-aaral.*
5. *Arrogante (2001).* ***Pananaliksik hinggil sa Pagtuturo ng Panitikang Pilipino.*** *https://www.scribd.com/doc/212543338/tesis-sa-Filipino,Pananaliksik-hinggil-sa-pagtuturo-ng-Panitikang-Pilipino.*
6. *Balbacal et. al (2012), Strong (2009),* ***Kakayahan sa Pagsusuri ng Maikling Kwento at Tula ng mga Piling Mag-aaral sa Ikatlong Antas ng mga Mataas na Paaralan ng Lungsod ng Cabuyao Panuruang Taon 2012-2013.*** *https://www.scribd.com/doc/129658888/Thesis-sa-Filipino-taga-PNC.*
7. *Beneden, P. V. (1998).* ***Viewer 'Identification' with Characters in Television and Film Fiction [Artikulo].*** *Nakuha noong Enero 15, 2014 mula sa Aber. http://www.aber.ac.uk/media/Students/pjv9801.html*
8. *Bergesen, L. N. (2012).* ***The Power of the Audience; A reception analysis of DavidCornfield Melanoma Funds video "Dear 16-year-old me [Tesis].*** *Nakuha noong Pebrero 16, 2013 mula sa: pure.au.dk/portal/files/47741126/BA.docx*
9. *Blake, Caitrin(2017).* ***How to Strengthen Students' Analytical Skills Outside ofWriting Assignment.*** *https://education.cu-portland.edu/blog/classroom-resources/build-analysis- skills/*
10. *Caleb Cimmiyotti, (2013).* ***Impact of Reading Ability on Academic Performance at the Primary Level.*** *https://scholar.dominican.edu/cgi/viewcontent.*
11. *Cavilla, Derek (2017).* ***The Effects of Student Reflection on Academic Performanceand Motivation.*** *https://journals.sagepub.com/doi/full/10.1177/2158244017733790*
12. *Denny, C. (2013).* ***Jurors of 39th Metro Manila film Fest revealed [Balita]. Nakuha noong Pebrero 13, 2014 mula sa Philippine Entertainment Portal:****http://www.pep.ph/news/41764/jurors-of-39th-metro-manila-film-fest- revealed.*
13. *Dooma, R., Gaba, S., Paguyo, I. B., Panganiban, D. M., & Parrenas, M. A., (2009).* ***Mga Pananaw at Saloobin ng mga Kabataan sa mga Pelikulang Pilipino [Tesis].*** *Nakuha noong Pebrero 13, 2014 mula sa Scribd: http://www.scribd.com/doc/1324950/Mga-Pananaw-at-Saloobin-Ng-Mga- Kabataan-Sa-Mga-Pelikulang-Pilipino.Final Thesis.* ***Epektibong Paggamit ng Panonood Bilang Pamamaraan ng Pagkatuto ng mga Piling Mag-aaral sa Baitang 11 – STEM sa Asignaturang Haynayan ng Sekundarya ng Lagro.*** *https://www.scribd.com.*
14. *Gonzales, R., Canto, D. M., Pacheco, S. M., & Reyes, F. R. (2009).* ***Isang Pananaliksik Tungkol sa Pagtangkilik ng mga Pilipino sa Pelikulang Banyaga [Tesis].*** *Nakuha noong Pebrero 13, 2014 mula sa Blogspot: http://drsf-pelikulangpilipino.blogspot.com/.*
15. *Heath, E. (2013).* ***In Plane Sight: Theories of Film Spectatorship and Animation****[Disertasyon]. https://www.ideals.illipois.edu/bitstream/handle/2142/45478/Erin Heath. Pdf? sequence = 1*
16. *Herb Liebacher (2010).* ***Tulong sa kabataan ng mga akdang pampanitikan.*** *https://www.scribd.com/document/336597572/tesis-sa-Filipino.Iman Sharif, MD, MPH, Thomas A. Wills, PhD, and James D. Sargent, MD. (2009).* ***Effect of Visual Media Use on School Performance:*** *A Prospective Study1. https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC2818002/Indie Film. Nakuha noong Disyembre 10, 2015. http://matanglawin02tripod.com/ isyu05/kilatista_indie.htm*
17. *Lazarte, A. A. et al. (2014).* ***Epekto ng Kompyuter sa mga Estudyante****. Nakuha noong Enero 20, 2016. https//m.authorstream.com/presentation/bcdxyza-1473881*
18. *Lee, J.S. (2014).* ***The relationship between student engagement and academic performance****: Is it a myth or reality? The Journal of Educational Research, 107(3), 177–185. https://doi.org/10.1080/00220671.2013.807491*
19. *Malinao, Kimberly (2013).* ***http://www.slideshare.net/malinaokim/pagbasa.***
20. *Matiang'i, John et. al. (2016)* ***School Factors and Teachers Burnout. A PerceptionVolume 3, e2996. Library Journal, 3 e2996.****http://dx.doi.org/10.4236/oalib.1102996.*
21. *Matthews JS, Kizzie KT, Rowley SJ, Cortina K. (2010)* ***African Americans and boys:Understanding the literacy gap, tracing academic trajectories, and evaluating therole of learning-related skills.*** *Journal of Educational Psychology.https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC4403645/.*

**22.** *McCormick, C. B., Dimmitt, C. A., Sullivan, F. R. (2013).* ***Metacognition, learning,and instruction.*** *In Handbook of psychology (pp. 69-97).*

23\. ***Mga Pelikulang Kalahok sa Metro Manila Film Festival*** *(2013). Nakuha noong Mayo 18, 2014. https://www.slideshare.net.*

24\. *Omnes (2013).* ***Kahalagahan ng Panonood****. Nakuha noong Nobyembre 2015. https://prezi.com/aoq5guin9aew/panonood/*

***Pagsusuri.*** *Nakuha noong Disyembre 10, 2015. http://tl.wikipedia.org/wiki/Pagsusuri.*

**25.** *Palani, K. K. (2012)* ***Promising Reading Habits and Creating Literate Social.****International Reference Research Journal Vol. III Issue 2(1) pp 91.*

26\. ***Pananaliksik sa Filipino.*** *Nakuha noong Oktubre 16, 2014.*

27\. *Hiwagangpelikulangbollywood2007-2008.*

**28.** *Pananaliksik sa Filipino:* ***Pagtuklas sa Hiwaga ng Pelikulang Bollywood.***

29\. *Pelayo, M. M. (2013).* ***Tamang Panonood ng Telebisyon sa mga Kabataan.*** *Nakuha noong Enero 20, 2016. http://www.headlinegl.com/tamang-panonood- ng-telebisyon-sa-kabataan/*

**30.** *Peterson, D., & Taylor, B. (2012).* ***Using higher order questioning to acceleratestudents' growth in reading.*** *The Reading Teacher, 65(5), 304.*

**31.** *Quirk, M., & Beem, S., (2012).* ***Examining the relations between reading fluency and reading comprehension for English language learners.*** *Psychology in the Schools, 49(6), 545-549.*

**32.** *Rusche, S., Jason, K. (2011).* ***You have to absorb yourself in it: Using inquiry andreflection to promote student learning and self-knowledge.***

**33.** *Rusche, S., Jason, K. (2011).* ***You have to absorb yourself in it: Using inquiry and reflection to promote student learning and self-knowledge.****Teaching Sociology,39-338-353.*

34\. *Singleton, A. (2010).* ***Kahalagahan ng Panonood****. Nakuha noong Nobyembre 10, 2015. https//tl.answers.com/Q/)*

**35.** *Smith W .P ( 2016 )* ***Reading Worksheets, Lessons and Activities for Classroom use and Home*** *http://ir-library.ku.ac.ke/handle/123456789/3722.*

**36.** *Soureshjani (2011)* ***Learning Context and Undergraduate Students Needs for Autonomy and Competence, Achievement Motivation and Personal GrowthInitiative.*** *http://www.sciencedirect.com/science/article/pii/s1877042813008689.*

**37.** *Sperling, R. A., Richmond, A. S., Ramsay, C. M., Klapp, M. (2012).* ***The measurement and predictive ability of metacognition in middle school learners.*** *The Journal of Educational Research, 105(1), 1-7.*

38\. *Tayag, Aldren.* ***Suliranin sa Pagkatuto sa Asignaturang Filipino.*** *Retrieved 2017. https://www.academia.edu/23745507/suliraning_pampagkatuto.*

39\. *Thorndike, Edward (2006). Retrieved from* ***http://documentstips/fil544ac329blafafdcbc8b48b4 html.***

**40.** *Tolentino (2002),* ***http://sample327.blogspot.com/2010/08/kabanata-ii.html.***

**41.** *Wanzek, J., & Cavanaugh, C. (2010).* ***Characteristics of general education readinginterventions implemented in elementary schools for students with reading disabilities.*** *Remedial and Special Education, 33, 199-200.*